

Republika ng Pilipinas
LALAWIGAN NG LAGUNA

Tanggapan ng Lalawigan Beterinaryo
Callios Sta. Cruz Laguna

MEMORANDUM NG KASUNDUAN
(PIGLET)

PARA SA KALAMAN NG LAHAT:

Ang KASUNDUAN ito na ipinasok sa bayan ng Sta. Cruz, lalawigan ng Laguna ngayon ika- _____ ng _____ 20 ____ sa pagitan ng Panlalawigang Pamahalaan ng Laguna na kinatawan ni **KGG. JEORGE "E.R." EJERCITO ESTREGAN**, Governor o ng kanyang kinatawan na siyang tinutukoy na **NAGKALOOB** kay _____, na naninirahan sa Brgy. _____, bayan ng _____, Laguna na siyang tinutukoy na **PINAGKALOOBAN**.

SA NAKASAKSI

Nasa ilalim ng itinadhanang kundisyon sa kasunduan ay inihaharap ng **NAGKALOOB** sa pamamagitan nito ang paglilipat sa **PINAGKALOOBAN** ng (1) ng pinagbuting lahing kulig na may gulang na _____ at EN no. _____. Ang pagkakaloob o ang paglilipat na ito ay isailalim ng sumusunod na kasunduan:

1. Na ang **PINGKALOOBAN** ay may sapat na kaalaman at kakayahan na mag-alaga ng baboy;
2. Na ang hayop na ito ay aalagaan, papakainin, pamamahalaang mabuti sang ayon sa panuntunan at pamantayan ng Tanggapan ng Panlalawigang Beterinaryo at bibigyan ng nararapat na bahay kulungan;
3. Na ang kulig pagsapit ng takdang gulang (humigit kumulang sa walong buwan) ay palalahian (1) barakong may purong lahi upang maging palagian ang pagkakaroon ng mabuting lahi ng baboy.
4. Na ang **PINGKALOOBAN** ay mabibigay sa **NAGKALOOB** ng dalawang (2) babaeng kulig may dalawang buwan ang gulang na pipiliin ng **NAGKALOOB** o kanyang kinatawan sa lahat ng kulig mula sa una o kung wala ay sa ikalawang panganganak na siya namang ibibigay ng **NAGKALOOB** sa iba pang karapat-dapat pamahagian ng proyekto;
5. Na kung sa una at ikalawang panganganak ay wala pa rin babaeng kulig ay kinakailangan bayaran ng **PINAGKALOOBAN** ang **NAGKALOOB** ng katumbas na halaga ng kulig na umiiral sa kasalukuyan o palitan ng katumbas na mabuting lahi ng kulig na katulad din ng itinadhana at ito ay susuriin ng kinatawan ng Panlalawigan Beterinaryo;
6. Na ang **PINAGKALOOBAN** sa pamamagitan ng regular na pagsubaybay ng Teknikong nakatalaga sa kanyang lugar ay magsusumite ng buwanang ulat sa Punong Lalawigan sa pamamagitan ng Panlalawigang Beterinaryo tungkol sa kalagayan ng hayop, petsa ng paglalandi, petsa ng pagkasta, kung umulit sa paglandi, petsa ng panganganak batay sa komputasyon, aktuwal na petsa
7. Na maaaring bawiin ang hayop kung mapatunayan ng Tanggapan Panlalawigang Beterinaryo o Tanggapan ng Pambayan Agrikultor na ito ay pinabayaan;
8. Na ang nasabing hayop ay mananatiling pag-aari ng Panlalawigang Beterinaryo at hindi ko maaari ipagbili sa iba;
9. Na kung magkasakit ang baboy, kinakailangan ipaalam kaagad sa Tekniko. Ang pagpapagamot ng baboy ay babalikatin ng **NAG-AALAGA** at sa Teknikong Beterinaryo manggagaling ang serbisyo;


10. Ang pagkamatay o ang pagkawala ng baboy ay ipapaalam din agad sa Tekniko o sa Tanggapan ng Panlalawigang Beterinaryo. Ito'y dapat ipagbigay alam sa loob ng walong (8) oras mula sa pagkamatay o pagkawala. Hindi dapat ililibing o kakarnihin ang namatay na baboy haggat hindi nasusuri o nakikita ng Beterinaryo;

Na kinakailangan na isumite ko ang mga sumusunod:


- a. Salaysay ng dalawang tao na walang kaugnayan sa tagapag-alaga.
 - b. Ulat ng pagsusuri ng Municipal Livestock Inspector sa kadahilanan ng pagkamatay ng hayop.
 - c. Litrato ng pagsusuri sa namatay na hayop.
 - d. Sertipiko ng pagkamatay ng hayop.
11. Na kung ang hayop ay namatay o nawala ng dahil sa kapabayaang ng PINAGKALOOBAN, siya ay magbabayad sa NAGKALOOB ng kasalukuyang umiiral na halaga ng baboy;
12. Na kung ang PINAGKALOOBAN ay nagpabaya sa pag-aalaga ng hayop o siniway ang alin man sa mga ipinagbabawal ng KASUNDUAN, may karapatan ang NAGKALOOB na siyang may pag-aari sa baboy na bawiin ang hayop mula sa PINAGKALOOBAN;
13. Na pagkatapos ng matapat na pagsunod sa mga kondisyon na nabanggit at matanggap na ng maayos ang dalawang (2) babaeng kulig (dalawang buwan ang gulang) na pinili ng NAGKALOOB o ng kanyang kinatawan, ang orihinal na baboy at iba pang anak nito ay magiging tunay na pag-aari ng PINAGKALOOBAN at aalisin na ng NAGKALOOB ang anumang karapatan niya sa nasabing baboy;
14. Na ang nasabing baboy ay hindi pwedeng ipagbili ng PINAGKALOOBAN sa nilolob ng dalawang (2) taon o hanggat hindi pa nakapagpapalahi muli upang manatili nag magandang lahi ng baboy.

SA PAGSAKSI NITO, ang PINAGKALOOBAN at NAGKALOOB sa pamamagitan ng kanyang kinatawan o nakapangalan dito ay lumagda sa araw na ito sa lugar na nabanggit sa itaas.

Lagda
Sedula Blg. _____
Petsa _____
Lugar _____



Litrato ng
Pinagkalooban



Right
Thumbmark

Humihiling ng Pagatitibay:

MARY GRACE M. BUSTAMANTE
Panlalawigang Beterinaryo

Pinagtibay:

GEORGE "E.R." EJERCITO ESTREGAN
Governor

MGA SAKSI:

Pangalan at Lagda

Pangalan at Lagda

REPUBLIKA NG PILIPINAS)
BAYAN NG _____)S.S.

SA HARAP KO, na isang Notaryo Publiko sa Lalawigan ng Laguna, Bayan ng _____, ngayong ika _____ ng _____ 20____ ay dumulog si _____ na kilala kong siyang nagsasagawa ng naunang kasulatan na pinatunayan niya sa harap kong malaya at sarili niyang pagpapasya.

SAKSI ANG AKING LAGDA AT SELYONG PANATAK ngayong ika-_____
ng _____, 20____ ditto sa _____.

Notary Public
Until Dec 31, 20_____
BTR No. _____

Doc. No. _____
Page. No. _____
Book No. _____
Series of _____